# Mga Kuwento at Salaysay ng Pag-asa: Buháy na Mensahe ng mga Propeta at Makabayang Awit-Protesta

## *Stories and Narratives of Hope: Living Message of Prophets and Patriotic Protest Songs*

Ferdinand D. Dagmang♦

**Abstrak:** Sa pag-aaral na ito, iuugnay ang mga makabayang mensahe ng mga Pilipinong mang-aawit sa mga mensahe ng mga propeta sa Bibliya. Pinapalagay na mala-propeta din ang mga katangian ng mga Pilipinong makabayang mensahe. Inaasahan na lilitaw mula sa mga makabayang awit-protesta ang ilang kuwento at salaysay na kamukha ng mga kuwento at salaysay ng mga propeta sa Bibliya. Ang pagtatabi ay pag-uugnay ng magkaka-mukhang mensahe—mga mukha ng protesta at pag-asa. Sa *ugnayang pagkakamukha*, ang pagkakatulad ang binibigyan ng diin at hindi ang pagkakaiba. Sa ganitong paraan, inaasahan na maitampok ang isang walang humpay na daloy ng kasaysayan ng mga protesta at pag-asa sa buong mundo.

**Mga susing salita:** propeta, pag-asa, makabayan, awit-protesta, Pilipino, kuwento, salaysay

**Abstract:** In this study, patriotic messages of Filipino singers are linked with the messages of the prophets of the Bible. It is assumed that the Filipino patriotic messages are also prophetic. It is hoped that by laying the patriotic songs beside the stories and narratives about the Bible prophets, the similarity will be highlighted. This is a process of uniting kindred messages—faces of protest and hope. Similarity is emphasized and not difference; this way, it hopes to feature an unremitting flow of history of protest and hope around the world.

**Key words:** prophet, hope, patriotic, protest-song, Filipino, story, narrative

---

♦ Dr. Ferdinand D. Dagmang is a Professorial Lecturer at Ateneo de Manila University and Maryhill School of Theology. His article on "working mothers" appears in this current issue of *MST Review*, pp. 1-42, above.

## Panimula

Mga mahahalagang yugto sa buhay ng mga Hudyo ang paglitaw ng kanilang mga propeta.[1] Ayon sa Bibliya, ito ang ilang sitwasyon ng kanilang paglitaw o inaasahang paglitaw: kung may krisis sa nakagawiang buhay panlipunan, kung may grabeng problema ang pamayanan, kung masalimuot ang panlipunang sitwasyon, kung may mga naaapi at may nang-aapi.[2] Ganito din ang mga situwasyon ng paglitaw ng mga Pilipinong kompositor ng awit-protesta sa Pilipinas. Mala-propeta din ang kanilang paglitaw. Lumalantad sila kapag ang bayan ay nasa krisis o naghihirap sa gitna ng iba't-ibang uri ng krisis. Ang mga mensahe nila ay sumasalamin din sa mga panlipunang krisis at problemang nadadamay ang maraming Pilipino.

Ilan sa mga nagdadala ng mala-propetang mensahe ay ang mga awit-protesta at awit-pag-asa na binuo ng maraming kompositores sa iba't-ibang panahon sa kasaysayan ng Pilipinas.

---

[1] Ang katagang propeta (prophet) ay mula sa Griyego: προφητεία, *prophēteía (from prophḗtēs, "prophet," which is derived from pró, "before" and phēmí, "make clear, assert as a priority";* http://biblehub.com/str/greek/4394.htm, accessed 8 June 2018. Kung ganoon, ito ay may kahulugang: *discourse; to speak out (or write); to know what is wrong; to diagnose; criticize; preach; predict; vigilant.*

[2] Tingnan sila: Richard Coggins & Jin H. Han, *Six Minor Prophets Through the Centuries* (Oxford: Wiley-Blackwell, 2011); Victor H. Matthews, *Social World of the Hebrew Prophets* (Massachusetts: Hendrickson Publishers, Inc., 2001); Austin T. Sparks, *Prophetic Ministry: A Classical Study on the Nature of a Prophet* (USA: Mercy Place, 2000); Robert P. Carroll, *When Prophecy Failed: Cognitive Dissonance in the Prophetic Traditions of the Old Testament* (New York: A Crossroad Book, 1979); Walter Brueggemann, *The Prophetic Imagination* (Philadelphia: Fortress Press, 1978); Walter Brueggemann, *Tradition for Crisis: A Study in Hosea* (Virginia: John Knox Press, 1968).

Titingnan ko sa pag-aaral na ito ang ilang awit-protesta mula dekada '40 hanggang sa kasalukuyan. Lumilitaw sa mga komposisyon ang mga krisis panlipunan, ang mga hamon, pagtuligsa sa kinauukulan, at ang paghahandog ng positibo o alternatibong pananaw at larawan. Malinaw sa mga mensahe ang pagsasalarawan ng mga pambayang tema na nagsisilbing balangkas para sa mga mensaheng protesta at pag-asa para sa bayan.

Ang pag-aaral ay tutukoy din sa mga haliging-tema o ugat-salaysay na itinataguyod ng mga awit-protesta. Ihahambing ko ang mga ugat-salaysay na ito sa mga ugat-salaysay na siyang pundasyon ng mga mensahe at kilos ng mga propeta sa Bibliya.

Mahalagang banggitin dito na ang mga teksto sa Bibliya na naglalarawan ng mga panlipunang krisis at paglitaw ng mga propeta ay nag-uudyok sa mga isipang nasa gitna ng krisis ng lipunan. Ang mga sitwasyon ng mga propeta ay nagbubukas ng isipan o nag-aalog ng loob ng mga taong nakakaranas ng pang-aapi, pagsasamantala, at iba pang uri ng pagpapahirap.[3]

## Ang Mga Kuwento at Salaysay sa Bibliya

Ang Bibliya o Banal na Aklat ng mga Hudyo at ng mga Kristiyano ay naglalaman ng iba't-ibang uri ng kuwento at salaysay,[4] kasama na ang mga tula at mga

---

[3] Sa usaping ito ay mahalaga ang isang prinsipyo ng interpretasyon na inilatag ni Paul Ricœur: "What has to be appropriated is the meaning of the text itself, conceived in a dynamic way as the direction of thought opened up by the text. In other words, what has to be appropriated is nothing other than the power of disclosing a world that constitutes the reference of the text." *Interpretation Theory: Discourse and the Surplus of Meaning* (Forth Worth: Texas University Press, 1976), 92. Tingnan din: Hans-Georg Gadamer, *Truth and Method* (London: Sheed and Ward, 1975), 357ff.

[4] Ginagamit ko ang katagang "kuwento" para sa "story" at ang

kasabihan—mga kuwento at salaysay na pambayan, pantahanan, at pang-magkasintahan; may mga nakakalungkot, nagpapasaya, nagpapagalit, nakakaha-lukay ng dibdib, at nakaka-antig ng damdamin. May mahahaba, may medyo mahahaba, may maiikli, at may maikling-maikling mga kuwento at salaysay. Tila may kuwento at salaysay para sa lahat ang Bibliya.[5]

Kung ikaw ay makata o mahilig sa mga berso, mayroong mga tula at awit ang Bibliya. Marami sa mga ito ay mga panalangin o kaya'y panaghoy at pagsambulat ng sama ng loob. Kung masaya ka, kung ikaw ay malungkot, kung ikaw ay takot, maraming mga tula at awit na naghihintay sa 'yo sa Bibliya. Kung ikaw ay medyo may katandaan na (o matanda ka kung mag-isip), isang awtoridad o lider, maaring magiging interes mo sa Bibliya ang mga batas, alituntunin, at mga salawikaing puno ng pagtuturo at seryosong pagsasanay sa buhay.

Kung ikaw ay may pangangailangang mag-riserts tungkol sa pagnanasa sa laman, ang mga kuwento tungkol sa seks ay sari-sari: may mga nakakapanabik

---

katagang "salaysay" para sa "narrative". Ang salaysay ay nagbibigay ng kabuuang kahulugan, habang ang kuwento ay tungkol sa mga tauhan at kung anong nangyari sa kanila. Samakatuwid, ang salaysay ang nagbibigay ng kahulugan at malawakang kabuluhan sa iba't-ibang kuwento at siwasyon ng buhay. Tingnan ang mga piling artikulo sa mga aklat na ito: Gresilda A. Tilley-Lubbs & Silvia Bénard Calva, eds., *Re-Telling Our Stories: Critical Autoethnographic Narratives* (Rotterdam: Sense Publishers, 2016); Ruth Page & Bronwen Thomas, eds., *New Narratives: Stories and Storytelling in the Digital Age*, (London: University of Nebraska Press, 2011); Christian R. Hoffmann, ed., *Narrative Revisited: Telling a Story in the Age of New Media*, (Amsterdam: John Benjamins Publishing Company, 2010).

[5] Ang mga kwento at salaysay ay mahalagang gamit sa pananaliksik. Tingnan ang aklat nina Leonard Webster & Patricie Mertova, *Using Narrative Inquiry as a Research Method: An Introduction to Using Critical Event Narrative Analysis in Research on Learning and Teaching* (London: Routledge, 2007).

na ligawan sa Awit ni Solomon, panunukso ng asawa ni Potiphar kay Jose (*Gen* 39), pamboboso at di makatarungang pag-agaw ni David kay Bathseba (2 *Sam* 11), panggagahasa kay Tamar ng kanyang kapatid na si Amnon (2 *Samuel* 13:1-22), at patungkol sa seks ng kapwa lalake, atbp.

Iba't-ibang uri ng saloobin at pananaw sa buhay ang nilalarawan ng iba't-ibang uri ng kuwento, salaysay, dasal, tula, awit, batas, atbp. Sinasalamin ng iba't-ibang nilalaman ng Bibliya ang sari-saring kulay ng buhay, ang sala-salabat na galaw ng tao, ang sapin-saping hirap ng buhay, ang kabi-kabilang pagsubok ng tadhana, at ang 'di mawaring ikot at galaw ng mga bituin at mga planeta (tingnan ang *Job* at *Ecclesiastes*).

Kung mapapansin ang pagkakaiba ng mga nilalaman at sari-saring direksiyon ng maraming salaysay at kasulatan, masisilip din ang laging paglingon ng mga ito sa iilang salaysay na parang nagsisilbing haligi o ugat o bukal. Ang mga salaysay na ito ay parang mga haligi ng isang buong bahay; para din itong mga ugat na sumusuporta sa puno, sa mga sanga, dahon, at bulaklak ng isang punong-kahoy; o bukal-salaysay na nagbibigay ng tubig sa mga balon, talon, o batis. Walang tibay ang bahay kung hindi ito suportado ng haligi; ang buong puno ay mamamatay kung hindi na naka-ugat sa lupa; ang isang balon ay manunuyo kung wala na ang bukal. Ang mga haligi-ugat-bukal na mga salaysay ang dahilan kung bakit ang ibang kuwentong Bibliya ay may buhay at may mas malalim pa na kahulugan.

Ang mga haligi-ugat-bukal na salaysay ay maihahambing din sa isang malaki at nakasisilaw na liwanag kagaya ng araw—liwanag na nag-iilaw sa buwan at sa iba pang maliliit na planeta sa kalawakan. May liwanag ang buwan, kaya lang ang liwanag na ito ay hiram lang mula sa araw. Ang mga maliliit na

kuwento, o tula, o awit, o batas ay parang mahinang liwanag ng buwan; nagbibigay ito ng liwanag sa dilim pero nagtuturo din sa atin na pansinin ang pinagmulan ng kanyang liwanag—ang araw.

Ang mga haligi-ugat-bukal na salaysay ay maari ding tingnan bilang mga haligi ng buong Bibliya. Iilan lamang ang mga haliging-salaysay na matatagpuan sa Bibliyang Hebreo: kagaya ng kuwento ng Exodus at ang paglikha ng Diyos sa daigdig at tao. Ang ibang mga salaysay ay may mga sanga-sangang kabanata at eksena. Ang mga mahahalagang kabanata ay ang paglalakbay-pagtitiis sa disyerto, ang pagpapatibay ng Sampung Utos, ang pag-angkin sa lupaing inasam-asam, ang pagsakop ng dayuhang puwersa sa Israel. Ang kuwento ng pagpatay ni David kay Goliath o ang pagpapakasal ni Tobias at Sarah ay mga eksena lamang sa isang kabanata na nakaugat sa isang mas malaking salaysay ng buhay. Ang mga kabanata at eksena ay may liwanag dahil sa mga haliging-salaysay na nagpapa-liwanag.

Sa Kristiyanong Bibliya, iilan lang din ang mga haliging-salaysay: ang pagsilang ni Hesus at ang panggagamot niya ng may kapansanan at ang pagpapatibay niya ng loob sa mga dukha at isinasantabi ng lipunan, ang pagpako sa krus at ang kanyang muling pagbangon.

Ang pagbibinyag kay Hesus, pagpili niya ng mga kasama, pagtuligsa niya sa mga katarantaduhan ng mga pinuno, atbp. ay mga kabanata ng kanyang salaysay bilang kinikilalang tunay na anak ng Diyos. Ang mga eksena ay napakarami at mas marami pang maliliit na mga kilos at galaw ng ibang tao.

## Ang Mga Propeta sa Bibliya

Ang isang pamayanan ay nagigising at nagugulantang sa mga sinasabi at ginagawa ng mga propeta. Apoy ang sumasagitsit sa kanilang mga dila; mala-usok at putik ng bulkan ang bumubuga sa kanilang mga labi. Para bang ang loob nila ay laging kumukulo. Ang dugo nila ay nakakalapnos sa mga nagdiriwang na mayayaman at makapangyarihang uri. Nagsasaboy din sila ng malamig na tubig sa mga tulog, malalagkit at maamoy na dagta sa mga nagmamalilinis, dura sa mga nagmamarunong, singa ng ilong sa mga nagbabanal-banalan, at tae sa mga diyos-diyosan ng lipunan.[6]

Sa mga propeta galing ang unang sigaw laban sa mga panlipunang katiwalian; tinititigan nila sa mata ang mga nang-aapi, at; galit sila pag may nakikitang naaapi; tinutukoy din nila ang pinag-ugatan ng mga masalimuot na situwasyon. Tingnan natin si *Amos* 4:1-3:

> Pakinggan ninyo ito mga babae sa Samaria na naglalakihang gaya ng mga baka ng Bashan,
>
> Na nang-aapi sa mahihina, nangingikil sa mahihirap, at nag-uutos sa inyong mga asawa upang dalhan kayo ng inumin.
>
> Ang Panginoong Yahweh ay banal, at kanyang ipinangako;

---

[6] Tingnan, *Ezekiel* 4:12-13: "[12]Eat the food as you would a loaf of barley bread; bake it in the sight of the people, using human excrement for fuel." [13]The Lord said, "In this way the people of Israel will eat defiled food among the nations where I will drive them." NIV. Tingnan din ang *Ezekiel* 5:1-5.

Tingnan: J.J. Pilch, "Insults and Face Work in the Bible," *HTS Teologiese Studies/ Theological Studies* 70, 1 (2014) Art. #2655, 8 pages. http:// dx.doi.org/10.4102/hts. v70i1.2655; J.J. Pilch, "The Art of Insult," in J.J. Pilch, *A Cultural Handbook to the Bible* (Grand Rapids, MI: Eerdmans, 2012), 158–162.

"Darating ang araw na kayo'y huhulihin ng pamingwit.
Bawat isa sa inyo'y matutulad sa isdang nabingwit.
Ilalabas kayo sa siwang ng pader at kayo'y itatapon sa Harmon.

Itinuturo ng mga propeta ang dahilan ng krisis. Ang pinakamahalaga sa mga sinasabi at ginagawa ng mga propeta ay ang paglalarawan nila ng ugat ng problema: ang pagtalikod sa Diyos at ang pagkalimot sa kasaysayan ng bayang kinalinga ng Diyos. Ito ang buod ng kanilang matatapang at maiingay na mensahe at salaysay. Mula naman ito kay *Jeremiah* 2:19:

Paparusahan ka ng sarilii mong kasamaan.
Ipapahamak ka ng iyong pagtalikod sa akin.
Mararanasan mo kung gaano kapait at kahirap
ang mawalan ng takot at tumalikod
kay Yahweh na iyong Diyos.

Samakatuwid, ang mensahe ng propeta ay pagpapaalala sa kaugnayan ng bayan sa isang malikhaing Diyos at sa mga pinakamahalagang karanasan na kinapupulutan ng saligang-aral at karunungan. Sa kanilang mga mensahe, nangingibabaw ang paalala sa kasaysayan ng buhay at paglaya mula sa pagka-alipin. Sa pag-uusig nila sa mga nang-aapi at nalilihis ng landas, binabalikan nila ang haliging-salaysay tungkol sa isang Diyos na malikhain at mapagpalaya. Siya ang kanilang pag-asa. Sa propetang *Hosea* ay ang malinaw na mensahe ng katapatan ng Diyos at ang dapat na gawin ng mga tao (14:1-2):

Manumbalik ka Israel kay Yahweh na iyong Diyos.
Ang pagbagsak mo ay bunga ng iyong kasamaan.
Dalhin ninyo ang inyong kahilingan,

lumapit kayo kay Yahweh; sabihin ninyo sa kanya,
"Patawarin po ninyo kami.
Kami'y iyong kahabagan, kami'y iyong tanggapin.
Maghandog kami sa iyo ng pagpupuri."

Si Hesus ay kabilang din sa hanay ng mga propeta na nagpapa-alala sa atin ngayon kung paano mabuhay at maging isang tunay na anak ng Diyos.[7] Si Hesus ay propeta at tunay na anak ng Diyos dahil isa siyang tunay na malikhain at mapagpalayang anak.

## Mga Propeta ng Bayang Pilipinas

Dumako naman tayo sa mga personalidad na maaring maiugnay sa mga kuwento ng mga propeta sa Bibliya.

Mala-propeta din ang uri ng mga sinasabi at ginagawa ng ilang mga mahahalagang taong naging bahagi ng kasaysayan ng ating bayan. Marami silang mga naisulat at naitala tungkol sa kanilang mga hinaing. Punong-puno sila ng damdamin habang binubuo nila ang kanilang komposisyon. Sa mga titik, tunog, at tinig na naipamana nila sa atin ay maririnig

---

[7] Tingnan: Richard A. Horsley, *The Prophet Jesus and the Renewal of Israel: Moving Beyond a Diversionary Debate.* (Cambridge: William B. Eerdmans Publishing Company, 2012); Richard A. Horsley, *Jesus and the Powers: Conflict, Covenant, and the Hope of the Poor* (Minneapolis: Fortress press, 2011); Luke Timothy Johnson, *Prophetic Jesus, Prophetic Church: The Challenge of Luke-Acts to Contemporary Christians* (Cambridge: William B. Eedmans Publishing Company, 2011); Tom Cheetham, *Green Man, Earth Angel: The Prophetic Tradition and the Battle for the Soul of the World* (New York: SUNY, 2004); Albert Nolan, *Jesus Before Christianity,* 25th Anniversary Edition (Maryknoll, New York: Orbis Books, 2001).

ang pang-uudyok na gumising tayo mula sa ating himlayan, tumayo mula sa ating mga *wheel-chair*, at tumalikod sa ating mga *cellphone, Xbox, PSP* at *iPod*. Naririnig at nakikita ang ilang mga mala-propetang Pilipino na sumisigaw, o 'di kaya'y umiiyak sa galit at lungkot, nagpupuyos ang damdamin habang umaawit o nagtatalumpati.

Naalala pa siguro natin sina Rizal, Bonifacio, at Mabini; sina Bobby de la Paz, Lean Alejandro, at si Ninoy Aquino. Ang mga mensahe at gawa nila ay may hawig sa mga gawi ng mga propeta sa Bibliya kagaya nina Moses, Nathan, Amos, Hosea, Isaias, Ezekiel, Jeremiah, at Micah. Naalala din natin lalo ang kuwento ng ating buhay dahil sa buháy-na-buháy na ala-ala ni Hesus na tumuligsa sa katarantaduhan ng mga pinuno at baluktot na pagsasabuhay ng relihiyon sa kanyang panahon.

### Mala-Propetang Mensahe ng Awit-Protesta

Ang tawag sa mga makabayang awit at tula na mala-propeta ang mensahe ay mga awit-protesta na awit-pag-asa din. Ang bansag na awit-protesta ay nakaka-purol sa kahulugan ng mga awit dahil ang katagang protesta ay nakasanayan nang isipin na gawain ng mga rebelde at sa gayon ay nagtatanim diumano ng gulo, giyera, at rebolusyon. Ngunit hindi lamang ganito ang ibig sabihin ng katagang protesta—ang kahulugang ito na inuugnay lagi sa gulo at giyera ay isang pakahulugan ng mga ayaw maistorbo sa kanilang mga luklukan o kinauupuan. Kung ang katagang *protesta* ay tukuyin natin mula sa paningin ng mga dukha at aping-api ('yong mga walang trono), ang ibig sabihin nito ay hindi panggugulo kundi mga paghamon na isulong ang pagbabago at mga pagtuligsa sa isang buhay na walang pag-asa. Sa halip na

ipagpatuloy ang isang sistema na iilan lang ang nabibigyan ng pag-asa, ang gawaing protesta ay nag-uudyok ng pagbabago na kung saan ang mga walang-wala ay may lugar. Sa madaling sabi, nagpoprotesta sila laban sa isang buhay na magulo na dala ng walang katarungan at kalayaan. Nagrereklamo sila laban sa pahirap at paniniil dahil sila'y naghahangad ng pagbabago. Kung para sa mga mayayaman at mga pulitiko ang paghahangad ng pagbabago ay isang "kaguluhan," hindi ibig sabihin na "kaguluhan" ito sa mga nahihirapan—maari pa ngang ang tukoy nito ay ang isang bukas na kung saan wala nang mga "naghaharing aswang" na naghahasik ng takot at nagkakalat din ng mas malaking gulo. Halimbawa, ang protesta ng mga manggagawa laban sa mababang pasahod ay kaguluhan sa mga may-ari ng pabrika, pero para sa mga nagugutom na manggagawa ay pag-bandera ito sa isang salaysay ng matiwasay na pamumuhay at magandang bukas.

Ang mga awit-protesta/pag-asa ay siksik sa yaman ng iba't-ibang uri ng pagtuligsa sa iba't-ibang anyo ng pagpapahirap. Dito rin ay may mga binhi ng pagbabago. Ito ay mga buháy na buháy na salaysay o diwa ng katarungan at kalayaan. Kaya naman mga awit-pag-asa din ang mga ito.

**Iba't Ibang panahon**

Ang mga awit sa Dekada '40 ay pinangungunahan ng mga awit na tukoy ang mga kuwento ng paglaban sa mga pasistang Hapones. Kabilang dito ang mga awit tungkol sa mga matatapang na ninunong gerilya. Himagsikan ang kuwento na binabalangkas ng salaysay ng kalayaan o kaligayahan ng bayan. Isang halimbawa:

*Maghimaksik Tayo*
Tayong lahat ay magkaisa't maghimagsik
Tayong mga Pilipino ay likas na matatapang
Panahon pa ng Kastila nuno natin nakilaban
Ang sandata nila noon ay di hamak na tabak lamang
Ang Republika ng Pilipinas sa Malolos doon itinatag.
Kaya, tayo naman ngayon, magkaisa't maghimagsik
Bayan natin nilulupig ng dagit na pasistang Hapones
Panahon na, maghimagsik, ang tabak ay hawakan
At lipulin Hapones na tulisan
Mandarambong sa Silangan.

Ang bandila ay atin iwagayway
Watawat ng pagkakaisang-hanay
Nang lumigaya itong Bayan
Maghimagsik tayo!

Mapapansin sa halimbawang ito ang pagpapaalala sa isang kasaysayan ng himagsikan laban sa Kastila—ang himagsikan laban sa Hapones ay katulad ng himagsikan laban sa Kastila. Ang mga diwang makabayan, pagkakaisa, at kalayaan ang nangingibabaw. Isang tradisyon o pamana ng kasaysayan ang himagsikan at pagtuligsa laban sa mga mapaniil. Kaugnay ito ng tula ni Andres Bonifacio, ang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*. Isang awit pa ang tumutukoy nito:

*Kasaysayan ng Himagsikan*
…Bahay kubo, kahit munti
May bayani roon ay katangi-tangi
Andres Bonifacio, Rizal, at Mabini
Ang tatlong pag-asa nitong ating lahi.

Kaya ngayon ang bilin ko sa iyo
O kababayan tigasan ang loob
Sa pakikibaka ihain ang puso
Ihandog ang buhay
At huwag manatili sa kaalipinan.

…Ipagtanggol ang ating bayan
Pilipino ay lumaban…

Sa matinding problemang pananakop ng Hapon, ang ibang problemang panlipunan ay hindi gaano naitaguyod ng mga awit-protesta.

Sa Dekada ’50 at Dekada ’60 ay maraming sumulpot na awit ng Bagong Hukbong Bayan (Huk at NPA). Sa buling bahagi ng Dekada ’60 ay mapapansin ang mga pagsabog ng kuwento ng pag-aaklas at papapatatag ng hanay ng mga manggagawa. Malinaw na ang dating kalabang Hapones ay napalitan ng mga kalabang panginoong maylupa at ang tinaguriang “liberator” na Amerika ay pinupuntirya din bilang ugat ng mga pahirap sa bayan. Sa panahong ito, ang pangalawang “pambansang awit” ay sumikat.

*Bayan Ko*

Ang bayan kong Pilipinas
Lupain ng ginto’t bulaklak
Pag-ibig ang sa kanyang palad
Nag-alay ng ganda’t dilag

At sa kanyang yumi at ganda,
Dayuhan ay nahalina
Bayan ko, binihag ka,
Nasadlak sa dusa.
Ibon mang may layang lumipad

Kulungin mo at umiiyak,
Bayan pa kayang sakdal dilag
Ang 'di magnasang makaalpas

Pilipinas kong minumutya
Pugad ng luha ko't dalita
Aking adhika,
Makita kang sakdal laya.

Mula sa panahong ito, ang *Bayan Ko* ay magiging koro o "refrain" sa lahat ng mga awit at mensaheng protesta sa mga darating pang mga dekada. Sa lahat ng mga awit ng mga kompositores, mapapansin na ang *Bayan Ko* ay may kakaibang importansya sa kilos protesta. Kung hindi sa simula ng martsa, inaawit ito sa bandang huli bilang koro ng buhay na naghahangad ng kalayaan. (Meron ding pinaka-sikat na mga awit-protesta sa Estados Unidos, ang *We Shall Overcome* o 'di kaya'y *Give Peace a Chance;* sa Italia naman ay ang *Bella Ciao,* at*; Redemption Song* sa Jamaica.)[8]

Hindi nawawala ang ugat-salaysay ng kalayaan, katarungan, at ng Inang Bayan. Ngunit nadagdag sa mga awit-protesta ay ilang alternatibong pananaw na nakaugat sa sosyalismo o komunismo: ang pagkaka-pantay-pantay ng mamamayan at ang natatanging posisyon ng masa, katulad ng sumusunod:

…Ang linyang pangmasa
Mula sa masa, tungo sa masa
Ito ang ating patnubay
Makibaka, huwag matakot

---

[8] Tingnan: Hardeep Phull, *Story Behind the Protest Song: A Reference Guide to the 50 Songs That Changed the 20th Century* (Westport, CT: Greenwood Press, 2008), 1-8, 77; Dario Martinelli, *Give Peace a Chant: Popular Music, Politics and Social Protest* (Cham, Switzerland: Springer International Publishing, 2017), 10-13.

Harapin ang kahirapan
Magsamahan, magtulungan
Nang makamtan ang tagumpay
Makibaka, huwag matakot
Nang mapalaya ang bayan
At durugin ang kalaban
Hanay natin ay tibayan
Imperyalismo ay ibagsak!

Ang Dekada ’70 ang pinakamayaman sa mga mas militanteng uri ng awit-protesta. Ito ang “galit na dekada” na pinangungunahan ng mga estudyante, manggagawa, at propesyonal. Nariyan pa rin ang “linyang pang-masa” na dala-dala ng mga pulahang grupo. Ngunit ito rin ang Dekada ng First Quarter Storm, diktadurya ni Marcos, ng Martial Law, *human rights violation*, ng *salvaging*, ng *military abuses*, *political prisoners* at ng pag-aapoy ng diwa ng pakikipaglaban at pakikipagtuos sa mga sari-saring kalaban, hindi lamang laban sa mga panginoong maylupa at imperyalistang ’Kanô. Lumantad na rin ang ilang awit na tinutuhog ang kolonyal na mentalidad ng maraming Pilipino. Ilan dito ay mga awit nina Heber Bartolome (“Tayo’y mga Pinoy, tayo’y hindi ‘Kanô, huwag kang mahihiya, kung ang ilong mo ay pango…”); Florante (“Ako’y isang Pinoy sa puso’t diwa, Pinoy na isinilang sa ating bansa…”); at ang grupong Asin (*Balita*, “Ang lupang pinanggalingan ko'y may bahid ng dugo, May mga lorong di makalipad nasa hawlang ginto”).

Maiintindihan lamang ang mga nilalaman ng mga awit ng pakikibaka sa Dekada ’70 kung alalahanin natin ang situwasyon noon ng lipunan—isang lipunan na kung hindi galit ay takot o ’di kaya’y sanay na rin sa iba’t-ibang uri ng hirap, panunupil at pagsasamantala lalo na sa larangan ng ekonomiya at pulitika. Ang mga

pahirap, panunupil at pagsasamantala ang siyang dahilan kung bakit may mga awit na punong-puno ng mga galit at nagpupuyos na damdamin ng mga kompositores. Mainit sa pakikibaka ang iba't-ibang samahan laban sa mga dating tinaguriang kalaban ng bayan: imperyalismo at piyudalismo, at ngayo'y nadagdagan pa ng burukrata-kapitalismo. Ang mga ito ang tinaguriang tatlong ulo ng isang halimaw na nagpapahirap sa bayan. Ang halimaw na may tatlong ulo ay siyang laman ng ugat-salaysay ng kahirapan ng bayan. Ito rin ang malimit na tinutuligsa ng mga awit-protesta ng Dekada '70. Isang awit (*Huwad na Kalayaan*) ang kinatha ng mga detenido ng Camp Crame noong 1975. Lagi itong naririnig sa mga rali ng mga pulahang grupo:

> May kalayaan ba kung bayan ay dumaraing sa hirap
> Kung kayamanan ay hawak ng dayuhan at masa ay salat
> Kung manggagawa ay dusta at magsasaka ay inaapi
> Huwad, sadyang huwad ang kalayaan kung ang bayan ay ganyan
> …
> Gapos ay lagutin, kamao ay itaas
> Laya natin ay itindig at ipagtanggol
> Hirap ay lunasan, pag-aapi ay wakasan
> Ang bayan ay ipaglaban,
> Ang bayan ay ipaglaban.

Ang *Pinggan* ni Pol Galang ay may diwa din ng kontra imperyalista ngunit may pagkakaiba sa istilo dahil hindi ito palaban na martsa:

> Nais kong isalaysay
> Ang yaring kasaysayan
> Ng dalawang magkaibigan

Ang kuwento ni Juan at ni Sam

Itong si Sam ay dumayo
Sa bayan ni Juan katutubo
Dala-dala niya'y plato
Na wala namang laman kahit ano

Si Jua'y kanyang kinaibigan
Gumawa siya ng kasunduan
Sabi ni Sam sagot niya ang pinggan
Si Juan naman daw ang bahala sa laman

Nang mapuno na itong pinggan
Na handa na sanang paghatian
Nawala ang pinggan kasama ang laman
Ninakaw ng tusong si Sam

Dahil ang pangyayari'y di nakita ni Juan
Kunwari'y nagalit pa si Sam
Dapat daw ay bayaran ang nawawalang pinggan
Kawawang si Juan nabaon sa utang …

Kung may ugat ng kahirapan na nagpaparusa, mayroon ding ugat ng pag-asa sa mga damdaming masidhi ang pagnanasang makamtan ang kalayaan. Kagaya ng nailahad sa isang awit:

Mabuhay ay langit sa sariling bayan
Kung ang sambayana'y mayro'ng kalayaan
Umaga ay tula ng kaligayahan
At ang dapit-hapo'y awit ng kariktan
…
Taas ang kamao'y tanda ng paglaban
Daan-libong anak pagtutol ang sigaw
Ang tibok ng puso'y pag-ibig sa bayan
Mamatay ay langit, lumaya ka lamang

Ang mga tinatanaw ng pag-asa ay laging kaugnay ng diwa/salaysay ng kalayaan, katarungan, at pagkakapantay-pantay. Tampok ang mga diwang ito sa *Awit ng Manggagawa:*

Bakit kaya nagkaganyan?
Ang ating kapaligiran
Ngayon dito ay luhaan
Kahit saan may tangisan

Bakit kaya naghihirap
Yaong mga lumilikha
Ng yaman ng isang bansa
Silang mga manggawa

Tanong ko sa inyo
Isa lamang kaibigan ko
Tanong ko ay pakinggan ninyo

Saan tayo patutungo
Saan mula rito?
…
Ngunit nagbabago ang lahat
At tayo ang siyang gaganap
Lakbayin natin kahit may kalayuan
Ang maaliwalas na daan
Sampung bundok man ang hadlang
Sa ating paroroonan
Hukayin natin hanggang sa mawala
Tayong lahat ay lalaya

Tuloy, ang buong bayan ay hinihimok na makilahok at sumulong tungo sa mithiing kalayaan. Ang *Awit ng Tagumpay,* sa tempong martsa, ang pinakatampok sa ganitong uri ng paghimok sa mga mamamayan.

*Awit ng Tagumpay*

Bangon bayan, tayo'y magwawagi
Abot tanaw ang bagong araw
Puso diwa ng bayang dinusta
Sumisigaw hustisya at paglaya ng bayang api
Walang katarungan
Daang-taon hawak ng dayuhan

Sulong bayan
Tayo'y magwawagi
Ating yaman laging ipaglaban
Lupa, langit, dagat kabundukan
Nasa kamay ng mga dayuhang mapang-api't ganid mapagsamantala
Kapit bisig hindi malulupig
Sumulong ka bayan
Tayo ngayo'y lalaban
Ubos lakas ang tinig
Isisigaw ang sulong

Tibayan ang hanay, gapiin ang kaaway
Tibayan ang hanay, gapiin ang kaaway

Sulong bayan
Tayo'y magwawagi
Ipaglaban ating karapatan …

Dagdag sa unang yugto ng Dekada '80, at bukod sa mga dating militanteng awit-protesta, ay ang mas maraming mga awit pa na alay sa manggagawa (*Limot na Bayani, Manggagawang Ina, Hatinggabi sa Picket Line*). Bukod sa dating mga mang-aawit na ngayo'y nagkakaroon na rin ng "kamalayang '80," may mga dagdag na mga mang-aawit ngayon (mula sa hanay ng EDSA revolt, sa kampo ni Cory Aquino o sa dilawang

grupo) na nakikiisa sa mga nakikipaglaban para sa katarungan at kalayaan. Sa dekadang ito ay mapapansin ang dagdag ng "kakaibang" mga mang-aawit. Kahit na alam nila ang mga nakasanayang malawakan at pulahang linya ng pagtuligsa sa mga pahirap, mapapansin sa mga mga awit ang pagbabago ng tono (hindi na lamang martsa at kundiman) at dagdag na mga sanga ng kahirapan (hindi lamang isang halimaw na may tatlong ulo). Ang kanilang mga awit-protesta ay kakaiba dahil sa mga bagong karanasan at adhikain mula sa ibang puwesto at panahon, at dahil din naranasan nila ang bagong klima ng lipunan pagkatapos ng diktador at kulimbat-yaman na si Ferdinand E. Marcos.[9] Ang awit nila ay pagtuligsa ngayon sa mga kuwento ng katiwaliang tukoy na tukoy at ayon sa sarili nilang perspektibo. Ang mga ito ay sumusundot na rin sa mga katiwaliang may antas pang-indibidwal (*Nena* ni Heber Bartolome), isyu ng kababaihan (*Abante Babae, Sabon, Bangon Maria*) at pang-kalikasan (*Kapaligiran* ng Asin) at hindi lamang yaong *laging nakatutok* sa pagtuligsa sa malawakan ngunit basal o di-gaano maunawaan (ng karaniwang tao) na mga isyung imperyalismo, piyudalismo, at burukrata-kapitalismo.

Pagkatapos ng EDSA revolt (at sa unang yugto ng Dekada '90), ang mga awit-protesta ay mas malimit nang tukoy at tiyak ang mga problemang tinutuligsa. Nandoon na rin ang pagkakasanga-sanga ng pang-unawa sa mga dating hindi pa gaanong kilalang mga

---

[9] Doyle Mcmanus, "U.S. Seizes Funds, Gold of Marcos: Alleged Holdings in N.Y. Also Frozen After Manila Suit," *Los Angeles Times* March 04, 1986; http://articles.latimes.com/1986-03-04/news/mn-14979_1_ferdinand-marcos, accessed 8 June 2018; "Ferdinand Marcos: Hail to the thief," *The Economist* 12 Nov 2016, https://www.economist.com/asia/2016/11/12/hail-to-the-thief, accessed 8 June 2018.

ugat ng mga problemang panlipunan. Ang imperyalismo ay nabibigyan ng mas tiyak, malinaw at simpleng pagsasalarawan.

Ang piyudalismo naman ay hindi lamang sa panunupil sa probinsiya naisasalarawa kundi tinitiyak na nakaugat na sa puso ng mga *traditional politicians* (hal. *Trapo*); ang problemang burukrata-kapitalismo ay nakatanim na sa eskwela at hindi lamang sa mga nangyayari sa gobyerno (hal. *Pamantasan ng Puso, State U, Paaralan*).

Ang huling dekada ng ’80 at ang simula ng Dekada ’90 ay puno ng mga awit-protesta na hindi lamang nakabatay sa iisang linya at tono ng pakikibaka kundi mula sa iba’t-ibang pinag-uugatan ng iba’t-ibang uri ng pagpapahirap o paniniil, sa gawain man ito o sa diwa’t damdamin o sa mga espasyo o lugar. Tingnan natin ang isang awit ni Gary Granada:

*Academy Supermart*

Kung ang problema mo’y research, thesis at reports
Kami aay maroong solusyong very smart
Available kami, viable kami dito sa academy supermart

May academic freedom, may academic costume
May academic rock and roll, business as usual
Lahat ng unusual welcome mag-enrol

Basta tungkol sa edukasyon, kahit ano ang okasyon
Lahat ng bagong imbensyon na state of the art
Dito lahat mabibili, dahil ibang-iba kami
Dito sa academy supermart

Kung gusto mo’y diploma, kung gusto mong mag-magna

No problema, tuloy ka bay!
Kung gusto mong mag-summa, kung gusto mong mag-sauna
Nasa mabuti kang kamay.

Kung gusto mo'y graduation ring, just give us a ring
At kung ang grades mo'y suffering, let's talk heart-to-heart
Huwag ka ng mangunsumi, ang lahat mabibili
Dito sa academy supermart

Ang pinakadahilan siyempre ng pagbabago ng awit at musika ay ang pagbabago din ng sitwasyon at ng mga kompositores at mang-aawit na kinabibilangan na rin ngayon ng mga tinaguriang mga "martial law babies." Hindi sila yaong mga direktang nakaranas ng matinding pahirap-pulitikal noong Dekada '70. Sila yaong may mga bagong pananaw tungkol sa pakikibaka. Hindi ibig sabihin na wala na ang Diwang Dekada '70 na punong-puno ng militanteng pag-iisip at mensahe. Malimit, ang mga datihang mag-aawit ng Dekada '70 na sina Jess Santiago, Pol Galang, at Heber Bartolome ay nagkapit-bisig na rin sa mga bagong "alternative artists" kagaya ng Jerks, Wuds, Inang Laya, Patatag, Yano at sina Joey Ayala, Gary Granada, at ang yumaong Susan Fernandez-Magno. Kung minsan nga ay nagkakasama-sama sila sa mga konsyerto kagaya ng "Bistro sa Amoranto" noong Disyembre 17, 1993 sa Amoranto Stadium, Quezon City at sa "Parangal kay Saro Bañares" sa Quezon Memorial Circle. Sumikat na rin ang ilang mga bistro at club na tumatangkalilik ng alternatibong awit: Mayrick's, Club Dredd, QA Ihaw-Balot Restaurant, at Bistro '70.

Sa huling yugto ng Dekada '90 at pagpasok ng 2000 ay lalong nahaluan ng napakaraming sari-saring tema at istilo (pop, rock, rap [Francis M.], reggae, novelty)

ang mga awit-protesta/pag-asa. Dati, mas malimit na ang mga awit na punong-puno ng galit at kaseryosohan ang malimit na naririnig, at ang mga ito ay madalas na inaawit sa mga rally, piket, martsa, at ipa pang mobilisasyon. Ngayon, marami na sa kanila ang gumaya kay Heber Bartolome, Freddie Aguilar, at sa grupong Asin. Pumasok na rin sila sa pop o rock na mga awit-protesta na naririnig na din sa mga AM at FM radio (Yano [*Banal na Aso, Santong Kabayo*], Noel Cabangon [*Men Move*], at Joey Ayala [*Magka-ugnay*; *Wala nang Tao sa Santa Filomena*]). Dagdag pa diyan ang ilang grupong pambabae katulad ng Tribal Fish at Keltscross. Mapapanood na rin sila sa YouTube; puwede na rin silang i-download ngayon.

Mapapansin tuloy ang ganitong mga pagbabago:

— nagsimula sa panahong ang mga awit-protesta ay niyayakap at "ginawang sandata" ng mga grupong lumalaban (mga sundalo sa himagsikan at mga aktibista);
— pumunta sa panahon na ang mga awit-protesta ay pinakikinggan at personal na inaawit; at
— hanggang sa ang mga ito ay mga bagay na ibinebenta na rin sa merkado o mga mall.

Sa ganitong mga pangyayari, ang awit-protesta/pag-asa ay hindi na lamang pagmamay-ari ng iilang mga samahan. Kahit na ang karaniwang tao ay umaawit na rin ng ilang mga naririnig nilang sikat na awit-protesta (*Banal na Aso, Santong Kabayo* ng Yano, *Halina* ni Jess Santiago, at *Dam* ni Gary Granada).

*Dam*

Sa ngalan ng huwad na kaunlaran
Ang bayan ko'y sa utang nagipit
At eto na ang kabayaran

Ang kanunu-nunuang lupain
Ang mga eksperto'y nagsasaya
At nagpupuri at sumasamba
Sa wangis ng diyos-diyosan nila
Ang dambuhalang Dam

Ref.:
Dam, dam, dam, dam dam dararam,…
Dam, dam, dam, dam dam dararam,…
Dam, dam, dam, dam dam dararam,…
Ang dambuhalang Dam

Ang mga tribu'y nagtatatangis
Nananaghoy at nababaliw
Habang ang mga turistang mababangis
Nalilibang at nag-aaliw
Sa mga pulubing nagsasayaw
Mga katutubo ng Apayao
Na napaalis kahit umayaw
Alang-alang sa Dam (Ref.)

Titigan ninyo ang ga-higanteng bato
Nagsasalarawan ng lipunang ito
Tulad ng gumawa rin nito
Walang pakiramdam

**Iba't Ibang Diwa / Salaysay**

Kung sa diwa naman pag-uusapan, ang mga awit ay tumbok na tumbok ang mga tinutuligsang kapangitan sa lipunan, at mga gawain tungo sa pagbabago at sa mga inaasam-asam na bagong kinabukasan. Laban ang mga ito sa pasismo, imperyalismo, huwad na kalayaan, huwad na edukasyon, huwad na pag-unlad, huwad na relihiyon, huwad na pangulo kagaya ni Gloria (tingnan ang binagong bersiyon ng *Doon po sa Amin* ni Jess

Santiago), huwad na pagdiriwang ng pasko, pagsira ng kalikasan, pagpapahirap sa kababaihan (*Magda* ni Gloc-9), brownout, basura, base militar, hamleting (*Wala nang Tao sa Santa Filomena*), plantang nukleyar, panghahalay at pagsasamantala sa kababaihan (*Spolarium* ng Eraserheads [tungkol ito sa kaso ni Pepsi Paloma na di umanoy pinagsamantalahan ng ilang *Eat Bulaga* hosts[10]]), buhay komersiyo, at iba pang uri ng kasinungalingan at pang-aapi. Napakarami sa mga ito ang nagpapagising at nag-aanyayaang makibaka at makiisa sa mga pagpupunyaging tukoy ay mga ugat-salaysay ng katarungan at kalayaan. Kahit ang ilang mga awit ng pag-ibig (*Awit sa Kasal ng Bilanggo, Walang Hanggang Paalam*) ay inaangat ang mga haliging-diwa ng kasarinlan, kapatiran, pagkakaisa, pakakapantay-pantay, katotohonan, katarungan, kalayaan, at kapayapaan.

Sa mga awit-protesta ng bayan ay masasalamin ang mga pagtutol at pagtuligsa hindi lamang laban sa mga taong baluktot ang konsiyensya, o laban sa mga sistemang nakakasakal, kundi sa mga mapaniil o nagpapahirap din na nakasanayang diskriminasyon (*Sirena* ni Gloc-9); nakasanayang kaayusan (*Upuan* ni Gloc 9; *Tatsulok* na orihinal na komposisyon ni Rom Dongeto ng Buklod at pinasikat naman ni Bamboo); o nakasanayang pang-araw-araw na gawi't gawain sa mga espasyo ating lipunan (ang *Esem* ng Yano).

*Esem*
Patingin-tingin, di naman makabili
Patingin—tingin, di makapanood ng sine
Walang ibang pera kundi pamasahe
Nakayan ko lang pambili ng dalawang yosi

---

[10] http://asianjournalusa.com/a-blast-from-the-past-was-pepsi-paloma-murdered-p13834-95.htm, accessed 19 June 2018.

Paamoy-amoy, di naman makakain
Busog na sa tubig, gutom ay lilipas din
Patuloy ang laboy, walang iisipin
Kailangang magsaya, kailangang magpahangin

Nakakainip ang ganitong buhay
Nakakainis ang ganitong buhay…

Gumagabi na, ako'y uuwi na
Tapos na ang saya, balik sa problema
At bukas ng umaga, uulitin ko pa ba
Ang kahibangang ito, sa tingin ko hindi na

Nakakabaliw ang ganitong buhay
Di nakaaliw ang ganitong buhay…

Ang mga manunulat–mang-aawit ay mga taga-bandera at taga-ingat ng mga salaysay ng pag-asa ng katarungan at kalayaan. Sila 'yong mga taong naghahasik ng mga adhikaing maka-katarungan at maka-kalayaan. Dahil sa kanilang abilidad na mang-antig ng damdamin sa pamamagitan ng mga tugtog-kuwento at mensahe ay napupukaw muli ang ating loob sa diwa ng pagbabago. Daklot ng kanilang mga mensahe ang diwa na humahataw sa mga taong napapaalila na lamang sa mga nakasanayang gawi at gawain ng mga nakasanayang mga hari ng lipunan. Kung hindi man tayo napapatindig at nagiging palaban tungo sa pagbabago ay napupukaw naman tayo mula sa ating nakasanayang higaan na tawag natin ay Facebook, Instagram, YouTube, Snapchat, o di kaya'y tahanan o sa nakasanayang upuan sa mga paaralan at opisina, o di kaya'y nakasanayang mga lugar/espasyo kagaya ng Starbucks, McDonalds, Kentucky Fried Chicken, at iba pang lugar sa mga malls.

Ang mga mang-aawit at manunulat ay nagtatampok ng mga kuwento ng paniniil at nagtataguyod ng mga saloobin na nagsisilbing mga susi upang mabuksan ang ating mga piitan at makita natin na tayo rin pala ang namamahala sa mga piitang ito. Ang mga mang-aawit at manunulat ay nag-aalay din ng pag-asa sa kanilang isinisiwalat na balita tungkol sa isang bukas na hindi na pamamahalaan pa ng mga mananakop at mga mapaniil na gawi at gawain.

## Paglalagom

Kung ang mga awit-protesta ng bayan ay nagsisilbing susi sa mga saloobin, pang-unawa, at disposisyon ng mga taong nangarap ng isang buhay na matiwasay dahil may tunay na kalayaan at katarungan, ang mga awit na ito ay may hawig sa tinutumbok ng mga propeta ng Bibliya na nagtuturo ng isang buhay na ang namumuno ay walang iba kundi ang Diyos ng kasaysayan. Hindi lahat ng awit-protesta ng bayan ay may sinasabi tungkol sa haligi ng buhay na walang iba kundi ang Diyos. May mga awitin nga na ang pinagmulan ay mga grupong hindi naniniwala sa Diyos. Ngunit dahil sa mga awit-protesta ng ating bayan, ang mensahe at kilos ng mga propeta sa Bibliya ay naalala muli o di kaya'y nabibigyan ng pansin. Ang mga mang-aawit-protesta ay para bang nakasakay sa isang napakalaking sasakyang-panlakbay na kung saan matatagpuan din, at mapapansin tuloy, ang mga mang-aawit ng ibang bansa, mga mang-aawit na may mala-propetang mensahe kagaya nina John Lennon ng Liverpool; Woody Guthrie, Nina Simone, Phil Ochs, Peter Seeger, Joan Baez, Bob Dylan, Tracy Chapman, at Ani DiFranco ng USA; Luis Eduardo Aute (na ipinanganak at nag-aral ng elementarya dito sa Pilipinas) at Chicho Sánchez Ferlosio ng Espanya; Lluís Llach ng Catalonia,

Espanya; Manu Chao ng Pransiya; grupong Modena City Ramblers ng Italia; Daniel Viglietti ng Uruguay; Nicomedes Santa Cruz at Eva Ayllón ng Peru; Silvio Rodríguez, Pablo Milanés, Noel Nicola, at Carlos Puebla ng Cuba; Zélia Barbosa ng Brazil; grupong Quilapayún at Victor Jara ng Chile; Bob Marley ng Jamaica; grupong Boukman Eksperyans ng Haiti; Johnny Clegg, Miriam Makeba, Hugh Masekela, at Brenda Fassie ng South Africa; at marami pang iba.[11]

Ang mga propeta ng Bibliya ay kasama sa kasaysayan ng isang pandaigdigang kapatiran ng mga propeta na nagpoprotesta at nagbibigay pag-asa; sila'y lulan ng isang sasakyang-panlakbay—nakikibaka at patungo sa isang hinahangad na bukas na puno ng kalayaan at katarungan.

Napapanahon na rin na lumantad ang mga propetang-bayan, dito sa Pilipinas, sa gitna ng mga patayang sinusulong ngayon ng mga pinunong bulag sa mga ugat-salaysay ng katarungan at kalayaan—mga pinunong matalas na matalas sa pananakit ngunit mapurol na mapurol sa karunungan at malasakit.

---

[11] Tingnan ang mga pag-aaral na ito: Dario Martinelli, *Give Peace a Chant: Popular Music, Politics and Social Protest* (Cham, Switzerland: Springer International Publishing, 2017); Beate Kutschke and Barley Norton, eds., *Music and Protest in 1968* (Cambridge: Cambridge University Press, 2013); Dorian Lynskey, 33 Revolutions per Minute: *A History of Protest Songs, from Billie Holiday to Green Day* (New York: Harper Collins, 2011); Barbara Lebrun, *Protest Music in France: Production, Identity and Audiences* (Surrey, England: Ashgate Publishing, 2009); Hardeep Phull, *Story Behind the Protest Song: A Reference Guide to the 50 Songs That Changed the 20th Century* (Westport, CT: Greenwood Press, 2008); Gage Averill, *A Day for the Hunter, A Day for the Prey: Popular Music and Power in Haiti* (Chicago: University of Chicago Press, 1997).